***Tanggapan ng Tagapamanihala ng Sangay***

Hulyo 31,2025

**MEMORANDUM PANSANGAY**
*Blg..* 502 *s. 2025*

***PARA SA:***

*Katulong na Tagapamanihala ng Sangay*
*Hepe ng Implementayon ng Kurikulum*
*Hepe ng Dibisyon sa Pamamahala at Operasyon ng mga Paaralan*
*Mga Tatagamsid ng Distrito*
*Mga Punonggurong Nangangasiwa sa Distrito*
*Punongguro at Ulongguro*
*Lahat ng Guro at Kawani ng Sangay at mga Mag-aaral ng Sangay na ito*

***Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025***

1. Bilang pakikisa sa taunang pagdiriwang ng *Buwan ng Wikang Pambansa* na may temang *"Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa"*, ang ating Sangay ay magsasagawa ng mga gawain sa buong buwan ng Agosto 2025 upang linangin ang pagmamahal sa Wikang Filipino at kultura ng ating lahi.

2. Layunin ng mga gawaing ito na:

   2. 1.Paigtingin ang pagkakakilanlan ng Pilipino sa pamamagitan ng wika;
   2.2 ,Magbigay-daan sa malikhaing pagpapahayag sa sining at panitikan;
   2.3 .Palakasin ang ugnayan at partisipasyon ng mga guro, mag-aaral, at kawani.
   2.4 Maitampok ang mahalagang papel ng wikang Filipino at mga katutubong wika sa pagbuo ng pambansang pagkakakilanlan at pagkakaisa ng sambayanan

3. Pinaalalahanan ang lahat na ito ay may kaugnayan sa Proklamasyon Blg. 1041, na ipinalabas noong 1997 ni dating Pangulong Fidel V. Ramos na humihikayat ng pakikiisa ng buong buwang pagdiriwang. Ang mga paaralan ay inaatasan na magsagawa ng mga programa at aktibidad na nagtataas ng kamalayan sa kahalagahan ng Filipino.

4. Ang kasunod ay ang iminungkahing araw-araw at lingguhang gawain

**Arawang Aktibidad**

*Agosto 1–29, 2025 Classroom-Based*
*Pagpapatugtog ng Musika ng Papuri sa wikang Filipino tuwing umaga bago pormal na magsimula ang klase.Isasagawa sa loob ng silid-aralan at tanggapan*

**Lingguhang Aktibidad:**

*Linggo 1: Agosto 1–8*

Pambungad na Programa (Agosto 1)
Paggalingan sa Spoken Poetry (JHS at SHS)
Pagbigkas ng tulang pambata (Elem)

- Paksa sa spoken poetry: "Wikang Filipino: Tinig ng Makabagong Kabataan"
- Tulang Pambata: Sa Aking Mga Kababata-Key Stage 2
- Tulang Pambata:Malaya ang pagpili at tungkol sa wika-Key Stage 1

*Linggo 2: Agosto 11–15*

Paligsahan sa Pag-awit (OPM Songs) Classroom-based

- Gaganapin sa Biyernes

- Para sa lahat ng antas

*Linggo 3: Agosto 18–22*

Paligsahan sa Pagkukwento o Tagisan ng Talino (Classroom/School-Based)
Paksa: Sino si Manuel L Quezon?

*Paligsahan sa Pagsulat ng Tula*

- Para sa mga estudyante sa Junior at Senior High School
- Tema: "Wika, Bayan, at Pag-asa"
- Ipapasa ang top 3 c/o EPS sa Filipino

*Linggo 4: Agosto 25–30*

Paligsahan sa Sulat-Bigkas ng Talumpati (JHS/SHS-School Level lamang)

- Tema: "Filipino Bilang Wika ng Paninindigan at Pagkakaisa"

Bidyokasiya (JHS-Grade 10)Ipapasa sa D.O.
Isang entry lamang bawat sekondaryang paaralan.

- Nilalaman: 3–5 minutong bidyo na naghahayag ng adbokasiya para sa wika at kultura

Pagsulat ng Kuwentong Pambata (Ipapasa sa DO)

- Bukas sa mga guro at non-teaching personnel
- Mula sa Learning Competencies ng Grade 2 at 3
- Kailangang angkop sa bata ang kuwento, may paulit-ulit na paggamit ng iilang salita, maiikli lamang ang mga pangungusap at masaya ang wakas

Parangal at Pagtatapos: Agosto 29, 2025
Gagawaran ng sertipiko at premyo ang mga nagwagi
Pagkilala sa mga aktibong lumahok na guro, mag-aaral, at kawani
Isasagawa ang pagtatapos na programa (school-based).

Pangkalahatang Alituntunin:

1. Ang bawat kalahok ay kailangang sumunod sa itinakdang tema at iskedyul.
2. Ang mga Grade Level Head/Tagapag-ugnay sa Filipino ay mangangasiwa sa aktibidad ng kanilang nasasakupan.
3. Isusumite ang lahat ng entries (kuwento, tula, video) sa o bago ang **ika-28 ng Agosto**.

5.Inaasahan ang malawakang pagpapalaganap at pagsasakatuparan nito.

**JAY S. MONTEALTO, CESO VI**
*Tagapamanihala ng Sangay*

Department of Education
Division of Dapitan City
RELEASED
NO 502 DATE 7/31/25
TIME 5:21 BY